# Entrep-Eskwela
YOUR SCHOOL ON ENTREPRENEURSHIP

**Grassroots Entrepreneurship Management (GEM)**

A partnership between
**Bayan Academy for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.**
*and*
**Center for Community Transformation**

---

## Days 4-5
## THE MACROENVIRONMENT

## INTERNAL ASSESSMENT

# TEACHING GUIDE

bayan academy
for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.

Center for Community Transformation

# Entrep-Eskwela
YOUR SCHOOL ON ENTREPRENEURSHIP

**Grassroots Entrepreneurship Management (GEM)**

A partnership between
**Bayan Academy for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.**
*and*
**Center for Community Transformation**

---

# Day 4
# THE MACROENVIRONMENT

**Teaching Guide**

bayan academy for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.

Center for Community Transformation

# Entrep-Eskwela

YOUR SCHOOL ON ENTREPRENEURSHIP

MODULE TITLE:

# Pagsusuri sa Kapaligirang Panlabas

bayan academy
for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.

Center for Community Transformation

**ENTREP-ESKWELA**
**Grassroots Entrepreneurship Management (GEM) Program**

# TEACHING GUIDE 04

Center for Community Transformation

**Module Title** : **EXTERNAL ASSESSMENT (Pagsusuri sa Kapaligirang Panlabas)**

**By Levi P. Verora**

**Duration** : **Wholeday**

**Module Objectives :**

Gabay ang *Instructor's Manual* na ito sa paghubog sa kaisipan at karanasan ng mga tagapagsanay at nagsasanay hinggil sa "Pagsusuri sa Kapaligirang Panlabas." Layunin nitong maipaunawa sa mga tagapagsanay at nagsasanay ang mamahalagang aspekto ng naturang paksa. Samakatuwid, sasamahan ng Instructor's Manual ang mga tagapagsanay at nagsasanay sa isang paglalakbay tungo sa paghango at pagtuklas ng mga karunungan at karanasan sa pagnenegosyo.

May dalawang bahagi ang Instructor's Manual na ito. Ang unang bahagi ay hinggil sa Tala sa Pagtuturo at Pagsasanay. Ang ikalawang bahagi naman ay ang Instruksyon at Pamamaraan sa Paglinang ng Kaisipan at Karanasan.

---

## UNANG BAHAGI (Part I)
## TALA SA PAGTUTURO AT PAGSASANAY (Teaching Note)

Dalawang kapaligiran ang dapat isaaalang-alang ng munting negosyo tungo sa kanyang paglago at pag-unlad: ang kapaligirang panlabas at ang kapaligirang panloob. Ang kapaligirang panlabas ay tumutukoy sa mga mahahalagang salik na may kinalaman sa lipunan, pulitika, ekonomiya, ekolohiya o likas na yaman, at teknolohiya. Samakatuwid, ang kapaligirang panlabas ay ang malaking larangang kinalalagyan at ginagalawan ng isang munting negosyo. Malaking larawan niya ito.

Ang kapaligirang panloob naman ay tumutukoy sa mga mahahalagang salik na may kinalaman mismo sa kalagayan ng munting negosyo. Kabilang dito ang *entrepreneur* (may-ari o namamahala ng munting negosyo), ang kilos at operasyon ng kanyang munting negosyo, ang organisasyon nito, ang paninda o paglilingkod na iniaalok nito sa mga mamimili o parokyano, at ang mga umiiral na patakaran at alutuntunin ng munting negosyo. Samakatuwid, ang kapaligirang panloob ay ang maliit na larangang kinalalagyan at ginagalawan mismo ng munting negosyo. Maliit na larawan niya ito.

Tinatalakay sa kabanatang ito ang kapaligirang panlabas. Ang kapaligirang panloob ay tatalakayin natin sa susunod na kabanata.

## PAGSUSURI SA KAPALIGIRANG PANLABAS

Nakasalalay ang paghubog at patutunguhan ng munting negosyo sa masinop na pagsusuri ng kanyang kapaligirang panlabas. Layunin nitong tukuyin ang mga oportunidad tungo sa kanyang paglago at mga bantang maaaring humadlang sa kanyang pag-unlad. Sa ganitong paraan, maisasaalang-alang ng munting negosyo ang mga angkop na estratehiya sa pangangalakal. At kung matipuno at lapat sa kalagayan ang mga estratehiyang ito, makatitiyak ang *entrepreneur* sa tamang direksyong kanyang tatahakin sa panghinaharap. Matutupad ng kanyang munting negosyo ang itinakda niyang pangarap o misyon para dito.

### LIMANG MAHAHALAGANG SALIK

Dapat kilalanin ng *entrepreneur* ang limang mahahalagang salik habang sinusuri niya ang kapaligirang panlabas ng kanyang munting negosyo. May kaugnayan ito sa lipunan, pulitika, ekonomiya, ekolohiya o likas na yaman, at teknolohiya.

### A. PANLIPUNANG SALIK (SOCIAL FACTORS)

May dalawang mahahalagang panlipunang salik: ang balangkas ng populasyon at ang kaanyuan ng lipunan. Kapuwa ito umaantig sa pag-unlad o di kaya'y pagbulusok ng munting negosyo sa pook na janyang ginagalawan. Kaya't dapat lamang suriin ito ng *entrepreneur*.

Sa pagbalangkas ng populasyon, dapat pagtuunan ng pansin ng *entrepreneur* ang mga sumusunod na aspekto:

1. ***Bilang.*** Mahalagang maisaalang-alang ng *entrepreneur* ang bilang ng populasyon upang malaman niya ang taya ng kanyang aktuwal o magiging mamimili sa kasalakuyan at panghinaharap;

2. ***Kasarian***. Hindi sapat na alamin na lamang ang bilang ng populasyon. Mahalaga ding balangkasin ito ayon sa kanilang kasarian. Ang kasarian ng populasyon ay may angking katangian at pag-uugali. May natatanging pagkakaiba ang kalalakihan at kababaihan, kaya't dapat lamang maging angkop ang paninda o paglilingkod ng *entrepreneur* sa kanilang natatanging pangangailangan;

3. ***Taong gulang o edad***. Ang isang mapanuring *entrepreneur* ay isinasaalang-alang din ang edad ng populasyon. Sa pamamagitan nito, matutukoy niya ang mga produktibo o umaasang bahagi ng populasyon, ang mga paslit o musmos, ang mga bata, ang mga nagbibinita at nagdadalaga, ang may mga sapat na gulang, at ang mga tumatanda at matatanda. Ayon sa paglawig ng kanilang edad, matutukoy ng *entrepreneur* ang kahintularan ng kanilang pagkonsumo at ninanais sa buhay. Magkakaiba ang inaasam nilang paninda o paglilingkod sa paglipas ng panahon;

4. ***Kinikita***. Ang antas ng kinikita ng populasyon ay may kagyat na kaugnayan sa kanilang kinahihiligan at uri ng pamumuhay. Ang mga mayayaman sa lipunan ay kadalasang nagsasama-sama sa isang pook-panirahan, nagpapalipas ng oras sa magkakatulad na libangan, at nagsasagawa ng magkakaugnay na transaksyon. Ang mga mahihirap naman ay may kinamulatan ding pook-panirahan, libangan at transaksyon na kakaiba sa

mga mayayaman. Dapat malaman ng *entrepreneur* ang antas ng kanilang kinikita at pamumuhay upang maging ang angkop ang kanyang mga paninda o paglilingkod sa kanilang "lifestyle";

5. ***Edukasyon at kaalaman***. Kadalasang mapanuri din ang mga mamimiling may pinag-aralan. At dahil sa sila'y may sapat o higit sa sapat na kaalaman at kakayahan, mapili sila sa paninda o paglilingkod na nababagay sa kanila. Dapat malaman din ng *entrepreneur* ang ganitong balangkas ng populasyon;

6. ***Kalusugan***. Malalim ang ipinahahayag ng mga datos sa kalusugan. Ipinakikita nito ang bilang ng mga nagkakasakit, mga namamatay, mga mahahaba o maiikli ang buhay, mga gumugugol ng produktibong oras at panahon, mga nagtatamasa o hindi nagtatamasa ng kalidad na pamumuhay at kapakanan. Kung masinop ang kaalaman ng entrepreneur sa mga ganitong datos, mas higit niyang maiaangkop ang kanyang paninda o pagliligkod sa populasyong malulusog at di malulusog;

7. ***Trabaho o hanapbuhay***. Ang mga datos hinggil sa trabaho o hanapbuhay ay nagpapahayag ng kakayahan ng populasyong gumastos ayon sa kanilang kinikita. Ito'y nagpapahayag rin ng antas ng pag-unlad o pagdarahop ng pamayanan. Mahalagang malaman ng *entrepreneur* ang mga naturang datos kaugnay sa paninda o paglilingkod na kanyang iniaalok sa kanila;

8. ***Kapaniwalaan***. Ang populasyon ay may likas o natatanging kapaniwalaang humuhubog sa kanilang pananampalataya, kaugalian, kamulatan, pagkilos, at pakikisama. Ang mga naturang kapaniwalaan ang nag-uudyok sa kanilang tangkilikin ang paninda o paglilingkod ng isang mapanuring *entrepreneur*.

Isinasaalang-alang rin ng entrepreneur ang kaanyuan ng lipunang ginagalawan ng kanyang munting negosyo. Kabilang na dito ang mga sumusunod na aspekto:

1. ***Iba't-ibang pangkat sa lipunan*** (social groupings). Hinuhubog ng iba't-ibang pangkat sa lipunan ang pamilihan. Ang mga matataas, mayayaman, at may katangi-tanging panlasa at hilig sa lipunan ay naghahanap ng kakaibang paninda at paglilingkod. May kakayahan silang magbayad alinsunod sa katumbas na halaga (value-for-money) ng hinahangad nilang produkto o serbisyo. Ganun din naman ang mga pangkaraniwang tao o grupo sa lipunan. Hindi gaanong maselan ang kanilang panlasa at hilig. May kakayahan din silang magbayad alinsunod dito;

2. ***Pag-uugnayan at pagsasamahan ayon sa panlipunang kamulatan***. May angking pagkakatulad o pagkakaiba ang mga pangkat sa lipunan alinsunod na rin sa kanilang kamulatan. Ang mga Muslim ay di kumakain ng baboy. Para sa kanila ang baboy ay maruming hayop at pinamamahayan ng demonyo. Ang mga Hindu ay umiiwas kumain ng baka. Para sa kanila ang baka ay banal at dapat igalang. Ang mga "vegetarian" ay di kumakain ng anumang karne. Ang mga katutubo ay namumuhay ayon sa kinagisnang kolektibong buhay. "Isa para sa lahat, lahat para sa isa," ang karaniwan nilang paniniwala. Kaya't sa digmaan sama-sama din silang nakikidigma. Mahalagang malaman ng *entrepreneur* ang ganitong mga datos sa lipunan;

3. ***Daloy ng kapangyarihan o awtoridad***. Ang munting negosyo ay maaari ding hubugin ng umiiral na kapangyarihan o awtoridad sa isang pook.

Tulad ng Tsina at ng Pinagkaisang Republikang Sobyet ng Rusya (USSR), nabuhay ang kalakalan sa ilalim ng sentralisadong nilang pamamahaan ayon na rin sa kautusan ng kanilang mga lider;

4. ***Ginagampanang papel ng pamilya***. Malaki ang kinalaman ng pamilya sa paghubog ng munting negosyo. Magiging matuwid at makabuluhan ang paninda at paglilingkod ng munting negosyo kung nagtataguyod ng katarungan, mabuting asal, disiplina, at katahimikan ang mga pamilya sa komunidad. Ang negosyong nag-aalok ng malaswang libangan at mapanirang kaugalian ay hindi uunlad sa ganoong kapaligiran.

Kaya nga't ang balangkas ng populasyon at kaanyuan ng lipunan ay di dapat baliwalain ng isang *entrepreneur*. Kung malalim ang pagkakaunawa niya dito, tiyak na maitataguyod at mapapalaki niya ang kanyang munting negosyo.

**B. PAMPULITIKANG SALIK (POLITICAL FACTORS)**

Matapos maisaalang-alang ang mga panlipunang salik, dapat ding alamin ng *entrepreneur* ang pampulitikang salik na maaaring makaaapekto sa kanyang munting negosyo. Bahagi nito ang mga sumusunod na aspekto:

1. ***Balangkas ng kapangyarihan at puwersa***. Nakasalalay ang pag-unlad o pagbagsak ng munting negosyo sa umiiral na balangkas ng kapangyarihan at puwersa sa isang pook. Ang kapangyarihan ang nagbibigay-bisa sa sistema ng pamamahala at ng panlabas na pakikipag-ugnayan nito. Ito rin ang kapangyarihang magbubunsod sa munting negosyo tungo sa kanyang paglago o kapahamakan. Ang puwersa naman ay ang mga hinirang na tao o pangkat na kumakatawan sa kapangyarihan. Sila ang mga puwersang namumuno ("power elite"), magkapanalig man o magkatunggali;

   Bahagi ng ganitong pagbabalangkas ang mga naghaharing uri, iba't- ibang relihiyong sekta, malalaking mangangalakal, panginoong maylupa, rebolusyonaryo't aktibista, militar, magsasaka, manggawa, union at kapisanan, at pangkaraniwang masa. Sila ang humahabi sa tunggalian ng magkasanib at magkasalungat na puwersa alinsunod na rin sa batas na kanilang pinaiiral o winawasak. Dahil dito napamamahalaan nila ang yaman ng lipunan, kabilang na ang tao, likas na yaman, at pananalapi. Nakaaakit din sila ng karagdagang yaman mula sa ibang lugar habang pipilit puksain mapanirang puwersa ang kanilang katatayuan sa lipunan;

2. ***Batas at alituntunin***. Kabilang rin sa pampulitikang salik ang mga batas at alituntunin. Hinuhubog nito ang tamang asal at disiplina ng pamayanan alinsunod na rin sa kakayahan at katapatan ng mga tagapamahalang nagpapatupa nito;

3. ***Pampulitikang pamunuan***. Kaya't mahalaga sa mga namumuno ang kakayahan—kakayahang matamo ang pagtangkilik ng pamayanan, maitaguyod ang katiwasayan, at harapin at tugunan ang anumang nakaambang panganib.

# Entrep-Eskwela

YOUR SCHOOL ON ENTREPRENEURSHIP

## Grassroots Entrepreneurship Management (GEM)

A partnership between
**Bayan Academy for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.**
*and*
**Center for Community Transformation**

---

# Day 5
# INTERNAL ASSESSMENT

**Teaching Guide**

bayan academy
for Social Entrepreneurship and Human Resource Development, Inc.

Center for Community Transformation

# ENTREP-ESKWELA

## Grassroots Entrepreneurship Management (GEM) Program

## TEACHING GUIDE 05

**Module Title** : **INTERNAL ASSESSMENT**
**(Pagsusuri sa Kapaligirang Panloob)**

**By Levi P. Verora**

**Duration** : **Wholeday**

**Module Objectives :**

Ang *Instructor's Manual* na ito ay isang gabay. Gabay ito sa paghubog sa kaisipan at karanasan ng mga tagapagsanay at nagsasanay hinggil sa "Pagsusuri sa Kapaligirang Panloob." Layunin nitong maipaunawa sa kanila ang mamahalagang aspekto ng naturang paksa. Samakatuwid, sasamahan ng *Instructor's Manual* ang mga tagapagsanay at nagsasanay sa isang paglalakbay tungo sa paghango at pagtuklas ng mga karunungan at karanasan sa pagnenegosyo.

May dalawang bahagi ang *Instructor's Manual* na ito. Ang Unang Bahagi ay hinggil sa "Tala sa Pagtuturo at Pagsasanay" o *Teaching Note*. Ang Ikalawang Bahagi naman ay ang "Instruksyon at Pamamaraan sa Paglinang ng Kaisipan at Karanasan" o *Instructions and Procedures in Developing Knowledge and Experience*.

## UNANG BAHAGI: TALA SA PAGTUTURO AT PAGSASANAY

Tinalakay natin sa Unang Kabanata ang "Pagsusuri sa Kapaligirang Panlabas" (External Assessment). Ang Kapaligirang Panlabas ay tumutukoy sa mga mahahalagang salik na may kinalaman sa lipunan, pulitika, ekonomiya, ekolohiya o likas na yaman, at teknolohiya. Ito ang malaking larangang kinalalagyan at ginagalawan ng isang munting negosyo. Malaking larawan niya ito.

Tatalakayin naman natin ang "Pagsusuri sa Kapaligirang Panloob" (Internal Assessment) sa Ikalawang Kabanata. Ang Kapaligirang Panloob ay tumutukoy sa mga mahahalagang salik na may kinalaman mismo sa kalagayan ng munting negosyo. Kabilang dito ang *entrepreneur* (may-ari o namamahala ng munting negosyo), ang kilos at operasyon ng kanyang munting negosyo, ang organisasyon nito, ang paninda o paglilingkod na iniaalok nito sa mga mamimili o parokyano, ang mga umiiral na patakaran at alutuntunin ng munting negosyo, at ang pangkalahatang pagsasakatuparan ng kanyang misyon o layunin. Samakatuwid, ang Kapaligirang Panloob ay ang maliit na larangang kinalalagyan at ginagalawan mismo ng munting negosyo. Maliit na larawan niya ito.